- Sa Kagawaran ng Militar ng Washington (Washington Military Department), itinataguyod namin ang isang kultura kung saan tinatanggap ang aming mga empleyado, nirerespeto, at tinatrato bilang pantay na katuwang.
- Sa bawat antas – mula sa pinakamataas hanggang sa aming mga kawani sa serbisyo – itinuturing namin ang pagiging kabilang at pagkakaiba-iba bilang pantay at mahahalagang aspeto upang magkaroon ng kaaya-ayang kapaligiran kung saan nagugustuhan ng mga tao na magtrabaho.
- Ang aming dedikasyong maglingkod at ang aming hangaring unahin ang iba bago ang aming sarili ay mangingibabaw sa kabila ng lahi, etnikong pinagmulan, pananampalataya sa relihiyon, kasarian at oryentasyon.
- Nararapat lamang – dahil may mahalaga kaming misyon.
- Sa Kagawaran ng Militar ng Washington – inatasan kaming protektahan ang pag-aari ng Washington, kapaligiran nito, ekonomiya at mga tao. Ibig sabihin ang bawat indibidwal sa aming estado.
- Naglalaan kami ng mga sinanay na propesyonal at mga puwersa sa pagpapatakbo na handang ipagtanggol ang aming estado at bansa.

- Iniingatan namin ang buhay at pinoprotektahan ang ari-arian.

- Tumutugon kami sa mga emergency at sakuna.

- At pinatatatag namin ang pamayanan sa pamamagitan ng organisadong oportunidad ng alternatibong edukasyon para sa mga kabataang hind nakapag-aral.

- Kung isasaalang-alang mo ang lahat ng paraan ng aming paggawa nito, malinaw kung bakit namin inuuna ang lakas ng isang pangkat na may pagkakaiba-iba. Kailangan naming katawanin ang iba't ibang tao na pinaglilingkuran namin.

- Isang responsibilidad sa mahalagang gawaing ito na pagsamahin ang access, pagiging kabilang, pagkakapantay-pantay at katarungan sa aming pang-araw-araw na istruktura ng pagpapatakbo ng Kagawaran ng Militar.

- May dedikasyon kaming gawin ang responsibilidad na ito.

- Kabilang sa mga pagkilos ng ahensya na nagsasalamin sa dedikasyong ito ay ang:

- Paglalakip ng mga tunguhin sa aming plano ng estratehiya ng ahensya upang pasulungin ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay at pagtanggap sa lahat sa loob ng Kagawaran ng Militar ng Washington.

- Pagsasagawa at pagpupuno ng mga bagong posisyon na inilalaan para itaguyod ang mga hindi gaaanong bihasa sa Ingles, mga may pangangailangan sa access at pagpapatakbo, gayundin ang aming mga Tribe.

- Pagtitiyak na sinanay ang aming mga empleyado at nagpapakita ng paggalang at dignidad sa lugar ng trabaho.

- Pagsusuri ng demegrapikong datos upang malaman ang mga hadlang sa pagtanggap sa trabaho.

- Pakikipagtulungan sa aming mga katuwang sa serbisyo upang tiyaking may pantay na access ang lahat sa aming mga programa.

* Kaya naman nais naming pakinggan ang tinig ng mga hindi nabigyan ng sapat na pagkakatawan sa pamamagitan ng patuloy na pagpapasulong ng aming Team para sa Pagkakapantay-pantay Laban sa Rasismo (Pro-Equity Anti-Racism, PEAR).

- Ang mga tinig na iyon ay magmumula sa loob ng aming ahensya, at magmumula din sa aming mga pinaglilingkuran sa pamayanan.

- Nangangako kaming pakinggan ang tapat na pagsusuri sa aming mga mapagkukunan, suporta, dedikasyon, at mga kakayahan.

- Kailangan namin ang ganitong mga tapat na komento upang hanapin at alisin ang mga hadlang at magkaroon ng mas malawak na access sa aming mga programa, serbisyo, aktibidad, proseso at pamamaraan.

- Higit sa lahat, ang gawaing ito ay maghahanda sa amin na harapin ang mga komplikadong hamon ng ika-21 siglo at matagumpay na matiyak na maibibigay ng aming gawain ang mga pangangailangan ng lahat ng aming pinaglilingkuran.